

Impormasyon tungkol sa PAGPAPAUNLAD NG PAGKAKAIBA SA TERITORYO

Ang *Pagpapaunlad ng Pagkakaiba sa Teritoryo* ang kauna-unahang Patakaran ukol sa Multikulturalismo sa Northern Territory para sa mga taong mandarayuhan at etniko na naninirahan saTeritoryo.

Sinusundan nito ang isang malawak na pakikipagsanggunian, na may kabilang na Dokumentong Pangtalakayan, mga pormularyong panukat, pampublikong pagpupulong, grupong talakayan at pakikipagpulong sa mga grupo at pinuno ng komunidad.

Sa buong Teritoryo, pinahahalagahan ng mga tao ang mayamang kasaysayan ng ating kultura at wika. Ang ating pagkakaiba ay nagpayaman sa lipunan natin – pangkabuhayan, panlipunan, pangkultura at pampulitika.

ANG PANGAKO NG PAMAHALAAN UKOL SA MULTIKULTURALISMO

Ang pangarap ng Pamahalaan ng Northern Territory ay para sa isang malakas at matiwalang lipunan. Ang pagkakaiba ng ating kultura at wika ay mahahalagang bagay sa pag-abot sa pangarap na ito.

Tungkol ito sa pagkakaroon ng mapangsaklaw na lipunan kung saan ang mga naninirahan sa Teritoryo ay may magkakaparehong pagkakataon – at responsibilidad – upang makatulong sa pamumuhay sa Teritoryo. Nangangahulugan ito ng pakikitungo sa mga tao nang may paggalang, pagpipitagan at walang pagtatangi.

Pinaninindigang muli ng Pamahalaan ang pangako nito ukol sa multikulturalismo – isang multikulturang lipunan na nagpapahalaga sa pagkakaiba at nagtataguyod sa pagkakaisa, mabuting pagsasamahan at pakikibahagi ng mga kultura.

MGA SALIGAN

Ang Pagpapaunlad ng Pagkakaiba sa Teritoryo ay nagtatatag ng mga Saligan na aakay sa pagbuo ng mga patakaran at programa na magpapatibay ng pagkakaiba saTeritoryo.

Saligan Bilang 1: Pagpapahalaga sa Pagkakaiba

Ang mga pamamaraan at kasanayang pangkultura at wika ng mga naninirahan sa Teritoryo ay pinahahalagahan bilang makabuluhang bagay na pangkabuhayan at panlipunan, at kinikilala dahilan sa mahahalagang kapakinabangang naidudulot sa buong Teritoryo.

Saligan Bilang 2: Makatarungang Paglapit

Ang lahat ng naninirahan sa Teritoryo, anuman ang kanilang pinagmulan, ay may karapatan sa isang makatarungan at magkaparehong paglapit sa mga paglilingkod at programa ng pamahalaan, habang kinikilala ang ibat-ibang pangangailangan ng mga naninirahan sa Teritoryo, na gawa ng kaibahan ng kultura at wika.

Saligan Bilang 3: Paghimok sa Pagsali

Ang lahat ng naninirahan sa Teritoryo ay may pare-parehong karapatan, responsibilidad at pagkakataon upang sumali nang lubos sa pagpapaunlad ng Teritoryo.

Saligan Bilang 4: Paggalang sa Isa't-Isa

Iginagalang ang kultura, wika at relihiyon (paniniwalang espiritwal) ng mga naninirahan sa Teritoryo, sa ilalim ng mga batas sa Australya at Northern Territory, at ng ating mga institusyong panlipunan, pampulitika at pambatas.

PAGSASAGAWA SA MGA PATAKARAN

Ang Pagpapaunlad ng Pagkakaiba sa Teritoryo ay isang 'buhay' na dokumento na magpapakita ng pabagu-bagong pangangailangan, ng dapat maunang gawin, at mga paghamon. Kasali sa Patakaran ang mga pamamaraan upang maisagawa ito:

Pagsasali ng Komunidad

Ang mga kagawaran ng Pamahalaan ay magsasatupad ng mas mainam na pamamaraan sa 'pagsasali ng komunidad'. Nangangahulugan ito ng paghanap ng mas mabuting paraan ng pakikitungo sa mga tao, samahan at sa iba pang kumakatawan sa mga taong mandarayuhan at etniko na naninirahan sa Teritoryo. May tanging pagmamalasakit tungkol sa pangangailangan ng mga tao na mula sa magkakaibang kultura at wika o ng mga hindi pa naaabot ng mga pangsuportang paglilingkod.

Pag-uulat

Taun-taon, mag-uulat ang mga kagawaran ng pamahalaan tungkol sa mga pagkukusa na nagpapakita ng pagpapaunlad sa mga Saligan. Ang impormasyon ay gagamitin upang gumawa ng ulat na ipapahayag sa publiko. Kabilang sa ulat ang ginagawa ng mga kagawaran at ang pangkalahatang larawan ng mga pangunahing nakayanan, mga kinalabasan at bagong litaw na isyu na nakakaapekto sa mga taong mandarayuhan at etniko na naninirahan sa Teritoryo.

Grupong Pangsanggunian

Patuloy na popondohan ang mga pangunahing grupong pangsanggunian. Dagdag pa rito, magtatayo ng isang Grupo ng mga Nakatataas na Opisyal (Senior Officers' Group). Titiyakin ng Grupo na may mas mabuting pamamahala sa lahat ng mga isyu tungkol sa pagkakaiba, at ito ay tutulong na mapabuti ang pakakaroon ng kamalayan tungkol sa mga lumalabas na isyu na nakakaapekto sa komunidad ng mga taong mandarayuhan at etniko.

Pagsusuri

Ang Patakaran ay susuriin sa 2009 upang tiyakin na patuloy nitong sinasalamin ang kasalukuyang kaisipan at inaasahan ng komunidad. Maisasali sa panahong ito ang mga isyung lalabas mula sa pagtatalunan tungkol sa pagiging isang Estado.

Datos na EEO

Ang Pamahalaan ng NT ang pinakamalaking tagapagtrabaho sa Teritoryo. Sa paglalapat ng istandard na panukat sa pamamahala ng mga isyu ukol sa pagkakaiba, may mga hakbang na susundin upang makalikha ng 'pinakamainam na pamamaraan' upang mapagbuti ang pagkolekta ng datos tungkol sa pantay-pantay na oportunidad sa trabaho (equal employment opportunity – EEO). Ilalathala taun-taon ang listang EEO ng mga empleyado ng Pamahalaan ng Northern Territory.

HIGIT PANG DETALYE

Maaaring makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa Pagpapaunlad ng Pagkakaiba sa Teritoryo mula sa Office of Multicultural Affairs (OMA).

Ang OMA ay mahalagang bahagi ng Community Engagement Division sa Department of the Chief Minister. Nangangahulugan ito na ang mga isyung umaapekto sa mga taong mandarayuhan at etniko sa Teritoryo ay pinakamahalaga sa pampamahalaang pagsasali ng komunidad at pagbuo ng mga patakaran.

Updated: April 2005